



MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 80 , s. 2006

MAR 07 2006

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pamubliko at Pampribadong Paaralang
Elementarya at Sekundarya


1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino at ang Pamantasang Lungsod ng Maynila, sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Filipino sa Pamantasang Lungsod ng Maynila sa Mayo 10-12, 2006.
2. Ang paksa ng nabanggit na seminar ay “Mga Teorya at Praktika sa Pagtuturo ng Filipino Tungo sa Edukasyong Transformativ”.
3. Inaasahan na pagkatapos ng tatlong araw na seminar, inaasahang ang mga kalahok ay:
 - a. magkakaroon ng malawak na kaalaman sa paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagtuturo;
 - b. magagamit ang Text Frames bilang pagdulog mental sa pagbasa;
 - k. magagamit ang tematik na pamamaraan sa pagtuturo;
 - d. maiaangat ang kaalaman sa interaktiv na pagsulat; at
 - e. mapapahalagahan ang evalwasyong pangklasrum
4. Ang dapat dumalo sa seminar na ito ay ang mga panrehiyon, pansangay na supervisor sa Filipino, mga puno/tagapag-ugnay ng mga Kagawaran sa Filipino, at piling guro sa Filipino. Pinahihintulatang dumalo ang iba pang guro sa pasubaling hahawakan ang klase ng mga bakanteng guro.
5. Ang halagang Tatlong Libong Piso (Php3,000.00) ay butaw sa rehistrasyon na gugugulin para sa pagkain (3 pananghalian, 6 na meryenda), handouts, at iba pang kaugnay na gastos sa seminar.
6. Ang unang magpatala at magbabayad (isang buwan bago ang seminar) at ang mga kasapi (dalhin ang ID ng kasapian) at sasapi bago ang Mayo 10, 2006 ay may 10% diskwento.
7. Ang aklat na Guro na ilulunsad sa nabanggit na seminar ay ipagkakaloob sa mga nagparehistrong kalahok sa seminar.

8. Mangyaring magpadala ng reserbasyon kina:

Dr. Teresita F. Fortunato
De La Salle University
Taft Avenue, Maynila

Prof. Santi Flora
DLS-College of St. Benilde
Taft Avenue, Maynila

9. Hinihiling ang malawakan at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



FE A. HIDALGO
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO
OFFICIALS
SEMINARS
TEACHERS

Rhea, MPPD-TS, DM Seminar sa Filipino
Feb. 22, 2006/comp used: sally